



Enero 2018

# PRAYMER

## Dutertenomics at Cha-Cha: Pagsagasa sa Demokrasya

**U**miigting ang ligalig sa administrasyong Duterte, wala pang dalawang taon sa panunungkulan. Lumalala ang kalagayan ng mamamayan, habang ipinapatupad pa rin ng gobyerno ang mga kontra-mamamayang patakarang neoliberal.

Tuluyan nang napako ang mga popular na pangako ni Duterte, pero patuloy pa rin ang kanyang pagpapanggap na siya ay para sa mahirap. Ipinagpapatuloy ng kanyang rehimen ang mga polisiyang neoliberal ng mga nagdaang administrasyon. Ipinagpapatuloy ng kanyang rehimen ang mga polisiyang neoliberal ng mga nagdaang administrasyon - ito ang Dutertenomics. Sa katunayan, nasa yugto na ng pagkompleto ng halos apat na dekada ng neoliberalismo si Duterte, at magbubunsod ito ng mas matinding pasakit sa mamamayan.

114 Timog Avenue,  
Quezon City,  
1103 Philippines  
Tels. +63 2 927 7060 to 61  
Fax +63 2 929 2496  
[www.ibon.org](http://www.ibon.org)



Isang mayor na indikasyon sa panahong ito ang pagpasa ng anti-mahirap, maka-mayaman at maka-negosyong pagbubuwis, ang Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN). Tutustusan nito ang grandiyosong programa sa imprastruktura ni Duterte, ang “Build, Build, Build!”, na magbubukas ng malawak na oportunidad sa mga oligarkiya sa ekonomiya, negosyo, at maging sa mga opisyal ng gobyerno.

Hindi na maitatwa ang layunin ng gobyernong Duterte na isentralisa ang kapangyarihan at mangunyapit sa poder. Mabilis ang maniobra ni Duterte at ng kanyang mga kasapakat sa Kongreso na baguhin ang Konstitusyon (Cha-Cha), todong buksan ang ekonomiya sa dayuhan, at iwasiwas ang pederalismo na diumano ay solusyon sa lahat ng kaguluhan na kasalukuyang dinaranas ng sambayanan.

Hindi nagdadalawang-isip ang rehimen na tahakin ang diktadurya at anumang bahid ng tiranya. Mula sa kanyang marahas na kampanya kontra-droga, paglabag sa karapatang-tao, hanggang sa panggigipit ng kanyang mga kalaban sa politika, pagpapalawig ng martial law sa Mindanao ng isa pang taon, at paggamit sa mga *trolls* sa *social media* para patahimikin ang mga kumontra sa pamahalaan, hubad na si Duterte ng anumang plumahe na siya ay para sa nakararami. Ang totoo, nanganganib ang demokrasya sa ilalim ng rehimen.

## **1** **Ano ang sitwasyon ng mamamayang Pilipino matapos ang isa’t kalahating taon ng gobyernong Duterte?**

Sa kabila ng mataas na tantos ng paglago ng ekonomiya, nananatili itong atrasado at hindi nagsisilbi sa kabuhayan ng karamihan. Isa sa pinakamalala ang pagbagsak ng bilang ng may trabaho noong 2017. Kapos na kapos ang sahod at laganap ang kahirapan. Patuloy rin ang pagkitid ng panlipunang serbisyo. Naging tatak na ng administrasyong Duterte ang kaliwa’t kanang pag-atake sa mga karapatang-tao, mula sibil-politikal hanggang sa panlipunan at pangkabuhayan.

**Ampaw na paglago.** Mas mabagal ang tantos ng paglago na 6.7% nitong unang tatlong kwarto ng 2017 kompara sa 7.1% sa parehong panahon noong

2016. Gayunman, pinananatili nito ang relatibong mataas na taunang paglago na nag-abereyds nang 6.3% simula 2010. Pumatak sa mas mababang 1.8-2.9% ang abereyds na taunang paglago mula dekada 1980s hanggang 2000s.

Pinuri ng World Bank ang Pilipinas bilang “fastest growing economy in the Association of South East Asian Nations (ASEAN)”. Tinaasan naman ng Asian Development Bank (ADB) ang *forecast* nito sa ekonomiya at nagsabing posibleng umakyat pa sa 6.8% ang *momentum* ng paglago para sa buong taon. Samantala, itinaas ng Fitch Ratings ang *credit rating* ng bansa sa “BBB” mula “BBB-“. Maging ang *benchmark* na Philippine Stock Exchange Index (PSEi) ay nagsara nitong 2017 sa mataas na 8,558 puntos– pagbangon ito mula sa nakaraang dalawang-taong pagbulusok.

Tulak ng remitans ng *overseas Filipino workers (OFW) at business process outsourcing (BPO)* ang paglago nitong mga nakaraang taon. Pinasigla nito ang: *consumption spending, real estate*, konstruksyon, yutilidad, kalakalan, transportasyon at komunikasyon, at pagbabangko at pinansya. Pero mabuway na sandigan ng ekonomiya ang mga naturang sektor dahil nakaasa ito sa panlabas na kapital sa halip na sariling industriya at produksyon ng bansa. Sa katunayan, paunti-unti nang humihina ang pasok ng remitans. Mataas pa rin ito sa halagang US\$25.3 bilyon sa unang 11 buwan ng 2017 at may paglagong 4.0% mula sa nakaraang taon. Gayunman, nasa pang-apat na sunud-sunod na taon na ang 2017 na kinakitaan ng bumabagal na paglago ng remitans. Bumagsak naman nang 22% sa unang tatlong kwarto ng 2017 ang mga ipinangakong pamumuhunan sa *information technology-business process management (IT-BPM)* at tinatayang lalo pang babagal ang paglago ng kita nito sa mga susunod na taon.

**Manipis na produksyon.** Lumago ang agrikultura at manupaktura ng bansa noong 2017 mula sa kanilang negatibo o matumal na aktibidad noong nakaraang taon. Mahalagang mapaunlad ang mga sektor ng produksyon dahil may kapasidad itong lumikha ng estableng trabaho. Nasa 25.4% ng empleyo ang nasa agrikultura; samantalang 8.6% naman sa manupaktura.

Pero sa kabila ng naitalang 4.6% na paglago, nawalan ng 803,000 trabaho ang sektor ng agrikultura nitong 2017. Patuloy din ang pagbagsak ng bahagi ng sektor sa buong ekonomiya: nasa 8.2% na lamang ng *gross domestic product*

(GDP) ang agrikultura sa naturang panahon, kompara sa 8.4% sa parehong panahon noong 2016. Malaking dagok ito sa mga magbubukid na kabilang sa pinakamahihirap na sektor dahil sa laganap na kawalang-lupa, atrasadong produksyon, kapabayaang ng gobyerno, at bulnerabilidad sa mga natural na kalamidad.

Sumigla ang sektor ng manupaktura nang 8.3%, at bahagyang lumaki ang bahagi nito sa GDP sa 23.1% sa unang tatlong kwarto ng 2017 kompara sa 22.7% sa parehong panahon noong 2016. Pero dominado pa rin ang sektor ng mga dayuhang enklabo na daanan lamang ng inaasembol na mga produkto. Patuloy din ang pag-asa ng ekonomiya sa imported na produkto, pang-konsumo man o *intermediate goods*. Lumaki ng walong beses ang depisito sa kalakalan mula 2014 hanggang 2017.

**Pinakamalaking pagkitid ng empleyo.** Kabalintunaan pa rin ang paglago ng ekonomiya dahil sinamahan ito ng pagkitid ng empleyo nitong 2017, na siyang pinakamalaki sa loob ng dalawang dekada. Mula 2016, nabawasan ng 663,000 patungong 40.3 milyon ang bilang ng may trabaho noong 2017. Ito na ang pinakamalaking pagkitid ng empleyo sa loob ng 20 taon o mula noong 1997 kung saan 821,000 ang nawalang trabaho. Nadagdagan naman ng 66,000 at naging 4.1 milyon ang bilang ng walang trabaho. Mas malaki ang bilang ng nawalang trabaho kesa sa bilang ng naitalang dumagdag sa walang trabaho dahil sa metodolohiya ng gobyerno na hindi pagbilang sa mga diumano'y '*discouraged workers*'.

Ayon din sa datos ng gobyerno, tumaas sa 5.7% ang tantos ng disempleyo, na siyang pinakamataas sa Asya. Samantala, kapansin-pansing kahit dumami ang populasyon ng mga Pilipino na edad 15 pataas nang 1.6 milyon ay lumiit nang 585,000 ang *labor force* at lumaki pa ang sinasabing '*not in the labor force*' nang 2.2 milyon. Hindi sumasapat ang paliwanag ng gobyerno na dahil ito sa pananatili ng mga ipinagpapalagay na *high school graduates* sa eskwelahan sa balangkas ng K-12. At katulad ng nabanggit, dulot na ito ng bagong metodolohiya.

Sa dami ng walang trabaho at sa kahirapang maghanap ng trabaho, nagagawa ng mga kapitalistang ipako ang sahod. Katambal nito ang *wage policy* ng gobyerno na ialay ang mababang pasahod bilang bahagi ng

paghalina sa mga lokal at dayuhang mamumuhunan. Kasama sa patakarang ito ang hindi pagsawata sa kontraktwalisasyon.

**Kapos na sahod.** Lampas doble (120%) ang inilaki ng ekonomiya pero halos walang inilaki (0.54%) ang tunay na halaga ng abereyds na arawang sahod ng mga manggagawang sahurang mula noong 2001. Lubhang matatamaan ang tunay na halaga ng sahod sa nakaamba pang pagtaas ng mga presyo dahil sa TRAIN. Hindi pa man, pinakamabilis na ang implasyon ngayon sa loob ng tatlong taon.

Naging makupad pa rin ang pagtataas sa sahod simula 2012 kompara sa bilis ng implasyon. Bunga nito, bumabagsak ang tunay na halaga ng sahod at lumalapad ang diperensya nito sa *family living wage* (FLW). Sa National Capital Region (NCR), nasa Php512 ang *minimum wage* pero ang tunay na halaga nito ay bumaba pa, mula Php369 noong Hunyo 2016 tungong Php360 na lamang nitong 2017. Nasa Php1,171 ang tantsang FLW para sa pamilyang may anim na miyembro, at Php967 para sa pamilyang may limang miyembro.

**Tuloy-tuloy na migrasyon.** Patuloy na natutulak paibang-bansa ang mga manggagawa dahil sa kawalang trabaho at kakapusan ng sahod dito sa Pilipinas. Ayon sa Philippine Overseas Employment Administration (POEA), may 1,281,506 OFWs na nadeploy mula Enero hanggang Setyembre 2017, katumbas ng 4,694 bawat araw sa unang tatlong kwarto ng 2017.

**Laganap na kahirapan, kawalan ng serbisyo.** May 67 milyong Pilipino ang nagsusumikap mabuhay sa Php159 lamang kada araw. Lubhang kapos ang opisyal na tantya ng gobyerno na Php60 sa bawat indibidwal kada araw para hindi masabing mahirap. Gayunman, may 21.9 milyong Pilipino pa rin ang hindi umaabot sa tinatayang halagang ito.

Pero patuloy ang pagkitid ng serbisyong panlipunan. Halimbawa, malaking tagumpay para sa kabataang estudyante ang *free tuition policy* sa lahat ng *state colleges and universities*, pero nananatili ang malaking tipak ng bayarin sa anyo ng 'other school fees'. Lampas 60% naman ng bayarin sa ospital o pagpapagamot ang naobligang gastusan ng mga pasyente. Kakaltasan din ng 24-40% ang *maintenance and operating expenses* ng mga ospital ng gobyerno, at babawasan nang 52% ang badyet para sa *preventive health programs*.

Samantala, malinaw na hindi prayoridad ng gobyerno ang pagpawi sa 5.7 milyong *backlog* sa pabahay: 68.9% ang kaltas sa alokasyon dito sa 2018 budget.

## **2 Sunod sa mga pangako nito, naging maka-mahirap at maka-mamamayan ba ang mga hakbangin ng administrasyong Duterte?**

Hindi. Kasabay ng paggamit ng kamay na bakal sa mga pumupuna sa kanyang kontra-mamamayang pamamalakad, walang patid na itinatatwa ng gobyernong Duterte ang paggigiit ng mamamayan sa kanilang mga karapatan. Hindi mapagpasyang tinapos ng gobyerno ang kontraktwalisasyon. Hinadlangan nito ang mga panukalang maka-magsasaka at pagpapatupad ng repormang agraryo; sa katunayan, tumindi ang militarisasyon ng mga bukirin sa kanayunan. Pinatugis nito ang mga katutubong nagtatanggol ng lupang ninuno at mga eskwelahan ng komunidad. Inalimura nito ang mga tsuper ng jeepney na umaalma sa korporatisasyon ng transportasyon. Nagdadalawang-isip itong itaas ang sahod ng mga guro sa isang banda, habang walang puknat na nangangako ng dagdag-sahod at benepisyo sa mga sundalo at kapulisan. Muli nitong binuhay ang Oplan Tokhang na pumupuntirya sa mga maralitang lunsod. Sa gera sa Marawi City, ang maralita ang pinakamahihirapang bumangon at magkaroon ng tahanan at trabaho sa gitna ng sagad-sagarang pagkapulbos ng may 24 barangay sa syudad.

**Sasagarin ang neoliberalismo.** Layuning masugid na ipagpatuloy at lulubusin ng gobyernong Duterte ang apat na dekadang pagdidikta ng neoliberalismo sa ekonomiya ng bansa sa gabay ng 10+0 Socioeconomic Agenda nito. Kaysa palakasin ang pambansang agrikultura at industriya para tugunan ang pangangailangan ng mamamayan para sa disenteng hanapbuhay, prayoridad ng gobyernong Duterte ang pag-akit ng mamumuhunan at pagpapabwelo sa “malayang pamilihan”.

**Unahin ang “malayang pamilihan.”** Nakabalangkas sa neoliberalismo ang programa at batas ng gobyernong Duterte. Sentrong programa nito ang “Build, Build, Build!” Nakaamba na rin ang pagbabago sa Public Services Act, ang pagpasa ng isang National Transportation Policy, at ang pagbabago sa *foreign investments negative list* (FINL).

Komon sa mga batas na ito ang pagpapalakas sa papel ng pribadong sektor o pagkorporatisa sa mga pampublikong yutilidad, pagpapapasok ng mga dayuhan sa mga operasyong ito sa anyo man ng pautang o puhunan, at pagtanggap ng kapangyarihan sa gobyerno na mangialam para itaguyod ang interes ng publiko. Pagtitibayin ng mga hakbanging ito ang papel ng gobyerno bilang mistulang ahente ng malalaking korporasyon para matiyak ang pribadong tubo. Kapalit nito ang malaking kabayaran na manggagaling sa bulsa ng mayoryang mahihirap na Pilipino sa pamamagitan ng pagtaas ng presyo ng mga batayang bilihin at singilin ng mga batayang serbisyo. Karugtong din nito ang pagpasaubaya ng gobyerno sa kagalingan ng mamamayan at bansa sa kamay ng mga dayuhan.

Ang totoo, inaatake ng gobyernong Duterte ang mga karapatang panlipunan at pangkabuhayan ng mamamayan. Lalong hindi naaabot ng milyon-milyong mamamayan ang kanilang mga batayang pangangailangan, kabilang ang mga pampublikong yutilidad gaya ng tubig, kuryente, at telekomunikasyon, dahil ginawa nang kalakal ng neoliberalismo ang lahat ng serbisyo.

### **3 Bakit lalong pahirap ang TRAIN sa mamamayan at sino ang nakikinabang?**

Hindi tapat ang gobyerno sa tunay na epekto ng TRAIN sa mayorya ng mamamayan. Ang TRAIN, na unang pakete sa ilalim ng Comprehensive Tax Reform Program (CTRP) ng gobyernong Duterte, ay isang neoliberal na patakarang naglalayong pigain ang mamamayang Pilipino ng bayaring buwis para madagdagan ang kita/ tubo ng pinakamayayaman, pati ng malalaking korporasyong lokal at dayuhan.

**Hindi makikinabang ang mayoryang mahirap sa pinababang *personal income tax (PIT)*.** Ayon sa gobyerno, 6.8 milyong indibidwal ang exempted o hindi maaapektuhan ng TRAIN dahil kumikita sila ng mas mababa sa Php250,000 *threshold* ng PIT. Subalit dalawang milyon dito ay mga minimum wage *earners* na dati nang exempted. Dapat lang na ma-exempt ang 6.8 milyong nabanggit. Kung sa bilang naman ng pamilyang Pilipino may 15.2 milyon ang exempted sa pagbabayad ng PIT. Pero walang mapapalang pag-alwan mula sa TRAIN dahil sa haaharaping pagtaas ng presyo ng mga bilihin.



Nagsimula na ang pag-inda nila sa nagmamahalang bilihin tulad ng pagkain, inumin, at gamit sa pagluluto. Nagmamahalan na rin ang produktong petrolyo na magkakaroon ng epekto sa pamasaha, kuryente, at iba pang yutilidad na gumagamit ng *liquefied petroleum gas* (LPG), *kerosene*, *diesel*, at gasolina. Mahaba ang listahan ng mga dating hindi saklaw ng *value added tax* (VAT) na bubuwisan na ngayon, habang pinapatawan ng dagdag na *excise tax* ang mga produktong petrolyo at iba pa.

**Panandalian lamang ang *cash transfers* ng TRAIN.** Magpapamudmod ang gobyerno ng Php200 kada buwan bilang *unconditional cash transfers* sa 10 milyong pinakamahihirap na sambahayan sa 2018. Tataas ito sa Php300 kada buwan sa 2019 at 2020. Pag-amin ito ng gobyerno na madedehado ng TRAIN ang pinakamahihirap na Pilipino. Pang-tatlong taon lamang ang *cash transfers* samantalang permanente ang pagtaas ng presyo.

**Samantala hindi para sa mahirap na mga rehiyon ang mga proyekto sa “Build, Build, Build!”.** Sa listahan ng *75 flagship infrastructure projects*, maoobserbahang mas malaki ang nakatalagang gastos sa imprastruktura sa mga rehiyong mababa ang opisyal na *poverty incidence*. Mas maliit naman ang nakatalagang gastos sa imprastruktura sa mga rehiyong mataas ang opisyal na *poverty incidence*. Halimbawa, pinakamababa ang opisyal na *poverty incidence* sa NCR na 3.9% (na *underestimated* pa kung tutuusin), pero nakakonsentra dito ang pinakamalaking tipak ng *flagship projects* na nagkakahalagang Php343 bilyon. Sa kabilang banda, pinakamataas ang *poverty incidence* na 53.7%, sa Autonomous Region for Muslim Mindanao (ARMM), pero pinakakaunting halaga ng *flagship projects* (Php5.4 bilyon) ang nakatalaga rito.

Mas kagyat at direkta rin sanang mapakikinabangan ng mga mahirap ang mga irigasyon, pabrika ng gilingan, *post-harvest facilities*, mga pampublikong eskwelahan at ospital, at pangmasang pabahay. Pero hindi ang mga ito ang prayoridad sa imprastruktura kundi ang mga tren, *railways*, kalsada, tulay, daungan, at paliparang nakatuon sa pagpapagaan ng pribadong negosyo at hindi pa sa kagalingan ng mamamayan.

**Makikinabang ang pinakamayayaman.** Samantalang kaliwa’t kanan ang pabigat sa mahihirap, malaki ang pakinabang ng pinakamayayaman

sa bagong batas. Ayon mismo sa datos ng Department of Finance (DOF), magkakaroon ng dagdag na Php58,500 na *take-home* kada taon ang pinakamayamang 1% na kumikita ng mahigit Php3 milyon kada taon. Kung itataas pa natin ay may dagdag na Php88,600 na *take-home* ang pinakamayamang 0.1% na kumikita ng Php5.9 milyon kada taon. Lalaki ito kapag lalo pang binabaan ang PIT sa 2023. Bukod rito, mababawasan pa ang binabayaranang *estate at donor taxes* ng pinakamayayaman. Ang pinakamayamang 10% naman na kumikita na ng abereyds na Php104,170 kada buwan ay magkakaroon ng dagdag na Php90,793 kada taon.

**Regresibo ang TRAIN.** Ipinagmamalaki ng rehimeng Duterte na progresibo ang TRAIN. Nangangahulugan dapat ito na binubuwisan ang mamamayan ayon sa kakayahan nilang magbayad. Sa halip, obligado pa ang mahirap na pasanin ang impak ng bagong batas.

Ayon sa opisyal na datos, ang pinakamayamang 20% lamang ng mga Pilipino ang kumikita ng FLW o higit pa (mga Php30,000 bawat buwan sa abereyds para sa limang tao).

Mababa pa sa FLW ang kinikita ng pinakamahirap na 80% ng populasyon. Pero obligado silang magbayad ng parehong dagdag-buwis tulad ng pinakamayayaman habang mababawasan pa nga ang buwis na dapat bayaran ng huli. Samantala, karapat-dapat lang na pakinabangan ng *middle class* ang mas mababang PIT, hindi makatuwiran na mas kaunti ang babayaranang buwis ng mga kumikita na ng milyon-milyon kada buwan.

Makakaya naman sanang gumawa ng positibong hakbang tungo sa progresibong pagbubuwis tulad ng pagdagdag sa direktang buwis sa mayaman tulad ng PIT at corporate income tax (CIT), habang binabawasan ang di-direktang buwis tulad ng VAT at iba pang buwis sa mga produktong pangkonsumo. Makakaya sanang pagaanin ang pasanin ng mga mahirap gamit ang sumusunod na hakbang, bagaman pansamantala: 1) Panatilihin ang eksempsyon sa mga produkto kung saan direktang tatamaan ang mahirap; 2) Patawan ng dagdag na buwis ang pinakamayayaman, partikular ang mga nasa pinakamatataas na *income bracket*; at 3) Maglaan ng mga ispesipikong aytem sa badyet para sa mga serbisyong panlipunan.

**Rekomendasyon ng gobyernong US.** Kabilang sa 29 *macroeconomic policy suggestions* ng The Arangkada Philippines Project (TAPP) ng Partnership for Growth (PFG) ng US at Joint Foreign Chambers of Commerce (JFCC) ang sumusunod: “Undertake comprehensive tax reform to reduce CIT and individual income tax, while raising VAT, ACT (alcohol, cigarettes and tobacco), and fuel excise taxes.” Rekomendasyon din nito ang pagbawas o pagtanggali sa maliit na buwis at bayarin na nagpapalaki sa gastos ng negosyo.

Layunin ng pagpapababa sa CIT na gawing kompetitibo ang Pilipinas sa ibang bansa na nang-aakit din ng direktang pamumuhunan. Magpopokus sa pagpapababa ng CIT ang susunod na pakete ng CTRP.

Para sa US, mangangahulugan ng mas magaanang buwis sa mga korporasyon ang TRAIN. Magdudulot ito ng dagdag na imports, mas malawak na operasyon, at mas mataas na tubo. Noong 2014, nagmula sa US ang sumusunod na bahagi ng imports sa Pilipinas: 45% ng *electric power systems*; 25% ng *aerospace*; 24% ng *medical equipment*; 10% ng *water equipment at serbisyo*; at 26% ng *information technology*. Nasa 31% din ng *foreign equity* sa mga BPO na kompanya ang bahagi ng US. Nitong 2017, kabilang ang US sa pinakamalaking pinagmumulan ng *foreign direct investment (FDI)* sa Pilipinas.

Nagpapatupad rin ng sariling CTRP ang US tulad ng iba pang mga bansa. Malaking tulak sa katangian ng neoliberal na CTRP ang pangkalahatang krisis na dinaranas ng pinakamalalaking ekonomiya tulad nito sa mundo.

Tulad ng iba pang neoliberal na patakaran, ang TRAIN ay patuloy na kinakampanya ng mga *economic managers* ni Duterte lalo na ng mga kalihim ng DOF, Department of Budget and Management (DBM), at ng National Economic and Development Authority (NEDA). Suportado rin ito ng mayorya sa Kongreso na kinatawan ng interes ng oligarkiya sa ekonomiya, malalaking negosyante, mga global na institusyong pampinansya, at dayuhang pamahalaan.

## 4 Masasabi bang namumuong diktadurya ang gobyernong Duterte? Sa anong paraan?

Ang nabubuonang awtoritaryanismo ng gobyernong Duterte ay maipag-iiba sa diktaduryang Marcos dahil nasa panahon ito ng neoliberalismo. Ibig sabihin, may paniniwala sa ‘malayang halalan’, may pag-usbong ng ‘civil society’, may diumanong *transparency at accountability*, may pag-unlad ang impormasyon at komunikasyon at lumalaking papel ng *social media*, at relatibong humihina ang US bilang nag-iisang *superpower*. Sa madaling salita, may saplot ng pagiging progresibo, subalit wawasak pa rin sa tuloy-tuloy na itinatatag na demokrasya ng mamamayang Pilipino.

Gayunman, hindi nag-aatubili si Duterte na gamitin ang mga pamilyar nang mekanismo, katulad ng pagwasiwas ng *pork barrel* sa mga Kongresista, panggigipit sa mga katunggali sa politika, pagbubuo ng aliyansa sa naghaharing uri, at pagkonsolida sa kapangyarihan. Makikita kung paano halimbawa agarang ibinigay ng *supermajority* sa House of Representatives (HOR) ang pagpapalawig ng Martial law sa Mindanao ng isa pang taon at ang pagpasa sa TRAIN nang walang korum.

Harapang tumatangi si Duterte sa mga kinasanayan nang *checks and balances* sa pamamahala, habang patuloy na binabalewala ang mga institusyon ng demokrasya. Ang pagpapahiya kay Senator Leila de Lima, ang hakbanging impeachment ni Chief Justice Ma. Lourdes Sereno, at pagbabanta kay Ombudsman Conchita Morales-Carpio – malinaw na ang direksyon ay makontrol ang lahat ng sangay ng pamahalaan.

Lantaran rin ang pakikipag-alyansa ni Duterte sa mga pangkating Arroyo at Estrada at sa pamilya ng mga Marcos. Ginagamit din nang todo ang social media sa pagpapalaganap ng *fake news*, panlilinlang, at pang-*harass* sa mga kumontra sa administrayon. Sa kabilang banda naman ay harapang tinutuligsa ni Duterte mismo ang tradisyonal na midya.

Sa kabila ng bagong tipo ng diktadurya, nanatiling pundasyon pa rin ng tiranya sa ilalim ng gobyernong Duterte ang militarismo. Bukod sa pagtaas ng sahod ng mga sundalo at pulis, may mahigit 60 opisyal ng kapulisan at militar, kasama na

ang dating Armed Forces of the Philippines (AFP) chiefs of staff ang itinalaga sa mga ahensya ng pamahalaan.

**Lansakang pag-atake sa mga karapatan.** Matindi and rekord ng gobyernong Duterte sa paglabag sa karapatang-tao: pagtugis, pananakot, pagpapatahimik sa mamamayang tumitindig at lumalaban para sa karapatan sa lupa at trabaho, serbisyong panlipunan, at pagpapasya-sa-sarili; maging ang karapatang maghayag, magtipon, at mag-organisa.

Naitala ng grupong Karapatan ang 126 biktima ng pagpatay at apat na kaso ng *desaparacido* sa panunungkulan ni Duterte mula Hulyo 2016 hanggang Disyembre 2017. Mayroon ding 87 biktima ng tortyur; 56,456 ng pagbabanta harasment at intimidasyon; 362,355 ng *indiscriminate firing* pati ng *aerial bombing*; at 426,590 ng sapilitang pagpapalayas. Patuloy ring nadaragdagan ang mga ikinukulong batay sa mga gawa-gawang kaso.

Pinakalaganap ang mga pagpatay sa ngalan ng gera kontra-droga: ayon sa Philippine National Police (PNP), may 3,967 *drug offenders* na pinatay, 118,287 arestado, at may 1.3 milyong suspek na sumuko sa mga operasyong kontra-droga. May 16,355 *homicide cases* hanggang Setyembre 2017 ang diumano'y iniimbestigahan pa.

**Panggegera at Martial law.** Pinalawig ang Martial law para ubusin ng hukbong sandatahan ng rehimen ang ayon dito'y lahat ng banta sa kapayapaan sa Mindanao. Sa partikular, tatapusin daw ng AFP ang New People's Army (NPA) sa isla. Binuksan nito ang pintuan para sa higit pang mga paglabag sa karapatang-tao.

Tuloy-tuloy na naghahasik ng teror sa mga komunidad sa buong bansa ang pambansang *operation plan* (Oplan) na kontra-insurhensya ng gobyernong Duterte, ang Oplan Kapayapaan. Pagpapatuloy at pagpapatindi ito sa nauna nang Oplan Bayanihan I at II sa ilalim ni Arroyo at Aquino, na nakakubli sa mga proyektong pangkabuhayan ang militar subalit nakatutok sa panunupil ng mamamayan sa kanayunan.

**Pagbasura sa mga reporma.** Halos natanggal na rin sa Gabinete ang mga progresibong opisyal sa kabila ng – o masasabi pa ngang dahil sa

– kanilang mahusay na rekord sa pagtataguyod ng interes ng anakpawis. Sa kabila ng de-kalidad at institusyonalisasyon ng maagap na serbisyo sa mga nangangailangan, ni-*reject* ng Commission on Appointments (CA) si Judy Taguiwalo na manatiling kalihim ng Department of Social Welfare and Development (DSWD). Sa kabila ng ekspertong pagrebyu sa mga kaso ng pang-aagaw ng lupa, pag-*reinstall* sa mga magsasaka sa lupang binubungkal, at pagpapatigil sa mga *land conversion* na umuok-ok sa lupang taniman ng pagkain, ni-*reject* din ng CA si Department of Agrarian Reform (DAR) Secretary Rafael Mariano. Naging instrumental sina Gina Lopez (dating kalihim ng DENR o Department of Environment and Natural Resources) at Terry Ridon (head ng Presidential Commission for the Urban Poor o PCUP) sa kani-kanilang larangan pero sinibak din sila sa puwesto.

Malayo-layo na rin sana ang narating ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng gobyernong Duterte at ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pagtalakay ng Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER). Resulta ng apat na pormal na *rounds* ng usapan at serye ng *bilateral team meetings* sa Pilipinas ang antas-teknikal na mga kasunduan sa repormang agraryo at pambansang industriyalisasyon ang ibinasura lamang ni Duterte. Nagbigay-daan sana ang mga ito sa mga tunay na reporma na agarang kailangan ng bansa at mamamayan. Sa halip, mas pinili ni Duterte na pasiyahin ang mga dayuhang gobyerno katulad ng US, mga dayuhang negosyante, militar, lokal na oligarkiya, at lahat ng nagnanasang maipagpatuloy ang kanilang pandarambong. Idineklara rin sa halip ni Duterte na terorista ang mga grupong Communist Party of the Philippines (CPP) at New People's Army (NPA), at ipinapaaresto na ang mga negosyador ng NDFP.

## **5** Bakit itinutulak ni Duterte ang Cha-Cha?

Kaiba sa kanyang sinasabi, ipinamamalas ni Duterte ang ambisyon niyang magtagal sa puwesto at makonsentra ang pampolitikang kapangyarihan. At Charter Change o Cha-Cha ang mabilis na pamamaraan upang makamit niya ito.

Minamadali ng gobyernong Duterte ang pagbabago sa 1987 Philippine Constitution. Kasunod ng pagpasa sa House Concurrent Resolution (HCR)

No. 9 na magpapagulong sa isang Constituent Assembly (Con-Ass), ang pinagsanib na pwersa ng Senado at Kongreso na magsasagawa ng Cha-Cha, nag-umpisa na ang HOR sa proseso ng pag-amyenda ng Saligang Batas – aprubado man ng Senado o hindi. Mas mabilis ang Con-Ass kaysa magbuo ng Constitutional Commission (Con-Com) mula sa mga piling mamamayan kung kaya't mas pabor si Duterte rito.

May tatlong bersyon ng *proposal* para sa pederal na Konstitusyon: isa ang Resolution of Both Houses (RBH) No. 08 at isang inihain ng Study Group ng Partido Demokratiko Pilipino-Lakas ng Bayan (PDP-Laban) Federalism Institute. Pinag-aaralan din ng HOR Committee on Constitutional Amendments ang mga punto ng dalawang bersyon at naglilista ng sarili nitong mga proposal. Komon sa tatlong bersyon ang dalawang bagay: 1) mga panlipunan at pang-ekonomiyang probisyon na kiling sa pamilihan o neoliberal, at 2) pagtatayo ng pederal na anyo ng gobyerno.

Kaugnay ng RBH No. 08, nagbanta na ang Makabayan Coalition na mapanganib ang binabalak na sentralisasyon ng kapangyarihan sa presidente, partikular sa di-tiyak na haba ng panahon ng transisyon tungo sa isang pederal na sistema.

Para sa naturang panahon, bibigyan ng RBH No. 08 ng kapangyarihang lehislatibo si Duterte, gayundin ng kapangyarihang humirang ng mga opisyal niya sa irereorganisang Commission on Elections (Comelec), Commission on Audit (COA), at Civil Service Commission (CSC). Hindi pa tiyak pero may posibilidad din na ireorganisa ang hudikatura at palitan ni Duterte ang buong sangay nito.

Iminumungkahi naman ng HOR Subcommittee ang dagling pagbuo ng interim na parliyamto na binubuo ng mga senador at kongresman na mahahalal sa Mayo 2019, hanggang sa makapaghalal ng regular na miyembro ng parliyamto sa regular na eleksyon sa Mayo 2022.

Buong-buo ang suporta ng mga Kongresista sa Cha-Cha, laluna sa panukala nitong pederalismo, dahil sa ekstensyon ng termino sa kapangyarihan, katulad ng igagawad kay Duterte kung sakaling maipasa ito.

## 6 **Ano ang pundamental na argumento laban sa Cha-Cha ni Duterte?**

Isinasabay ni Duterte ang kanyang pampolitikang interes sa mabibigat na mga panukala ng Cha-Cha: ang pagpapatindi ng dahuyang kontrol sa ekonomiya at patakarang neoliberal, at ang pagpapalit ng anyo ng gobyerno tungong pederalismo - parehong ipinangangalandakan ng rehimeng Duterte bilang mga solusyon sa krisis ng Pilipinas.

**Pagpahintulot sa 100% pag-aari ng dayuhan.** Bubuksan ng Cha-Cha ang mga industriya sa lubos na dayuhang pag-aari. Diumano, pabilisin nito ang pasok ng dayuhang pamumuhunan kaya't lalong uunlad ang ekonomiya. Magiging mas kompetitibo raw ang ekonomiya kapag buong-buo itong bubuksan o ililiberalisa.

Subalit hindi naman ang restriksyon ng Saligang Batas sa dayuhang pag-aari at kawalan ng dayuhang puhunan ang nagpapabagal sa ekonomiya ng Pilipinas. Katunayan, papalaki ang dayuhang pamumuhunan sa bansa (US\$558 milyon – US\$1.840 bilyon mula 2011-2015) pero matindi pa rin ang krisis sa trabaho. Dapat ding tandaan na hindi mabuti para sa mamamayan ang pagiging kompetitibo ng ekonomiya sa kasalukuyang konteksto dahil nangangahulugan ito ng ibayong pagpapababa ng sahod para lalong maakit ang negosyo.

Katunayan, malaki ang naging papel ng restriksyon sa dayuhang pag-aari sa unang yugto ng pag-unlad ng mga bansang may naabot nang antas ng industriyalisasyon at pag-unlad, gaya ng US, France, Germany, Japan, South Korea, Taiwan, China, at Russia.

Ang patuloy na pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran ang dahilan ng hindi pag-unlad ng ekonomiya. Tulad ng nabanggit na, mapapatatag ang ekonomiya sa pamamagitan ng pagpapalakas ng agrikultura at paggamit ng rekurso mula rito para itatag ang mga lokal na industriya. Makatutulong pa nga ang restriksyon sa dayuhang pag-aari para maisulong ang mga unang hakbang na ito.

**Konsentrasyon ng yaman.** Idedesentralisa rin ang kapangyarihan at kayamanan sa mga rehiyon o pederal na Estado. Diumano, mas



mapapangasiwaan ng mga lokal na gobyerno ang yaman ng kani-kanilang lugar para sa pagpapaunlad ng mga ito, imbes na nasesentro sa Maynila ang mga rekurso. Pauunlarin din daw ng pederalismo ang pananagutan ng mga lider.

Subalit ayon sa karanasan, hindi garantiya ang pederalismo sa pag-unlad o pagkakaroon ng mas pantay-pantay na pagsulong ang mga rehiyon. Halimbawa, iba't iba ang antas ng kaunlaran – o kakulangan nito – sa may 25 bansang may sistemang pederal. Ilan sa mga bansang ito ang India, Pakistan, at Ethiopia sa isang banda, at ang US, Germany, at Switzerland sa kabilang banda.

**Neoliberal na Saligang Batas.** Isinisisi ng mga nagtutulak ng Cha-Cha sa Saligang Batas ang kawalan ng pag-unlad. Pero kung tutuusin, ang 1987 Philippine Constitution ay maaaring magsilbing ligal na batayan para simulan ang pagpapabuti sa kalagayan ng mamamayan. May mga probisyong may kinalaman sa pagprotekta laban sa dayuhang kapital o oligarko, at tungkol sa Estado at mga tungkulin nito sa mamamayan. Sa katunayan, hindi lang ipinatutupad at naiikutan na ng mga neoliberal na patakaran ang mga progresibong panlipunan at pang-ekonomiyang probisyon ng Konstitusyon. Matatandaang ang Konstitusyon ng 1987 ay produkto ng matagumpay na pagpapatalsik sa diktaduryang Marcos. Nakalakup dito ang mga progresibong probisyon tungkol sa panlipunang katarungan at pagkapantay-pantay, at pagsulong ng pag-unlad sa pamamagitan ng industriyalisasyon at pagpapaunlad ng agrikultura sa pangunguna at interbensyon ng isang responsableng gobyerno. May ambag din dito ang positibong karanasan ng mga bansa at kilusang mapagpalaya sa buong daigdig pagkatapos ng World War II.

Ngayon, sa kabila ng mga negatibong karanasan sa globalisasyon ng Pilipinas at ibang bansa, gustong gawing mas neoliberal pa ang Konstitusyon. Iinstitusyonalisa ang pagkamal ng tubo at kikilalanin ang merkado bilang pangunahing istruktura sa buhay panlipunan at pang-ekonomiya ng bansa. Magiging instrumental pa ang mga pederal na Estado sa tinatawag na *race-to-the-bottom* (o pamurahan ng halaga ng lakas paggawa at rekurso) na kasalukuyang nilalahukan ng Pilipinas sa pandaigdigang merkado. Kompetensya ito sa laki ng ibibigay na *tax incentives*, subsidyo, bawas na

regulasyon, at konsesyon sa trabaho sa mga dayuhang mamumuhunan. Sa gayon, nagiging malaya ang mga dayuhang mamumuhunan na magbase saan man sila pinaka-tutubo nang walang obligasyong mag-ambag sa pangmatagalang pambansang pag-unlad ng lokal na ekonomiya.

### Ininusulong ng mga nagtutulak ng Cha-Cha ang sumusunod:

1. ***Palitan ang social justice at equity bilang batayang oryentasyon ng mga kontra-kaunlaran at neoliberal na konsepto ng 'competitiveness', 'productivity', at 'efficiency'.*** Dahil dito, lalong pagsasamantalahan ang mga manggagawang Pilipino. Uunahin ang interes ng tubo imbes ng publiko at tatanggalin ang kolektibo at indibidwal na karapatan ng mamamayan sa batayang panlipunang serbisyo:
  - a. Pinalitan ang *“security of tenure, humane conditions of work, living wage for all workers”* ng *“workers shall enjoy equitable treatment and freedom from discrimination on matters of employment working conditions and wage levels”*.
  - b. Binago ang kahulugan ng pagregula ng Estado sa mga relasyon ng manggagawa at employer mula *“right of labor to just share in fruits of production”* sa *“achieving economic expansion towards employment growth”*.
  - c. Ginawang konsiderasyon ang *“economic growth and efficiency”* sa kapayapaan at kaayusan.
  - d. Binigyang-diin ang *“economic efficiency and free competition”* imbes na regulasyon at pagbabawal ng monopolyo sa ngalan ng pampublikong interes.
  - e. Tinanggal ang kwalipikasyon na gagawin sa makatarungan at makataong paraan ang pagbaklas sa mga pamayanan ng maralitang lungsod.
  - f. Hindi na kabilang ang *“underprivileged citizens”* sa mga sakop ng tungkulin ng Estadong tiyakin ang pagkakaroon ng abot-kayang pabahay at batayang serbisyo.

- g. Ininstitusyonalisa ang pribatisasyon ng kalusugan.
- h. Nilimita ang libheng serbisyong kalusugan sa mga *“indigents and those living below the poverty line as defined by law,”* samantalang maraming mahirap ang hindi nabibilang dahil sa napakababang poverty line.
- i. Tinanggal ang mga probisyong kapaki-pakinabang sa mamamayan tulad ng paghalina sa mga kooperatiba para sa pambansang layunin at paggamit ng mga rekurso ng pangisdaan nang binibigyang prayoridad ang mga mangingisda at manggagawa sa pangisdaan.

2. ***Isantabi ang kahalagahan ng pambansang pag-unlad ng ekonomiya kasabay ang industriyalisasyon na nakabatay sa repormang agraryo at pag-unlad ng agrikultura.*** Hinahayaan ang merkado na hulmahin ang istruktura ng ekonomiya imbes na para sa pangangailangan ng bansa para sa matagalang pag-unlad na pakikinabangan ng mas nakararami. Inuudlot ang kakayahan at pag-unlad ng Pilipino sa mga larangang medikal, ligal, *engineering, accounting,* edukasyon at iba pa.
- a. Tinanggal ang solidong oryentasyon ng pagpapaunlad ng nakaasa-sasarili at independyenteng pambansang ekonomiya, at pinalitan ito ng *“dynamic and productive economy.”*
  - b. Tinanggal ang banggit sa industriyalisasyon at repormang agraryo at pagpapaunlad ng kanayunan sa layunin ng pambansang ekonomiya.
  - c. Tinanggal din ang repormang agraryo at pagpapaunlad ng kanayunan sa iba pang bahagi, at pinalitan ng *“higher agricultural productivity and equitable land ownership arrangements”* o *“economic expansion, higher productivity, and equitable distribution of the fruits of growth in the agricultural sector”*. Binabanggit lang ang *“including the reform of land ownership arrangements to correct historical injustices and remove impediments in growth.”*
  - d. Pinalawak ang komodipikasyon ng lupa at likas yaman sa pamamagitan ng pagtanggap ng hangganan sa *“alienable lands of public domain”*. Tinanggal ang pagpreserba ng mga kagubatan at pambansang parke;

tinanggal ang ispesipikong pagbanggit ng *“possible applicability of customary laws on ancestral domain.”*

e. Tinanggal ang paglimita ng propesyon sa mamamayang Pilipino lamang.

3. ***Tanggalin ang mga bara ng Konstitusyon para responsableng makapangialam ang Estado sa ekonomiya para sa pangmatagalang pag-unlad.*** Binibigyan ng malawak na karapatan ang dayuhang kapital na tumubo mula sa lakas-paggawa at likas yaman ng Pilipinas. Kabilang dito ang pagbago ng ilang probisyon sa pamamagitan ng pagpasok ng pariralang *“unless otherwise provided by law”* – para pahintulutan ang Kongreso na gumawa ng batas para buong-buong maibukas ang ekonomiya sa dayuhang kapital at pagnenegosyo.

a. Apektado ang mga naturang sektor sa kasalukuyang Konstitusyon:

- i. *Public utilities*
- ii. *Educational institutions*
- iii. *Mass media*
- iv. *Advertising*
- v. *“Certain areas of investments”*

b. Pinalabnaw ang saklaw ng patakaran sa pakikipagkalakalan. Tinanggal ang probisyong nagsasabi na *“serves the general welfare and utilizes all forms and arrangements of exchange on the basis of equality and reciprocity”* ng makitid na *“enhances Filipino competitiveness.”*

c. Tinanggal ang mga negosyong apektado ng pampublikong interes sa listahan ng mga negosyong pwedeng idirehe o saklawin ng Estado para sa interes ng publiko.

d. Tinanggal ang mga probisyong kapaki-pakinabang sa mga bagong negosyo.

**Pagpapasa-dayuhan ng pambansang interes.** Sasagarin na ng Cha-Cha ang inaabot nang pangangayupapa ng gobyerno ng Pilipinas sa mga dayuhang kapangyarihan. Ispesipiko sa US, EU, Japan at China, bumwelo ang

pagnegosasyon ng dagdag na Official Development Assistance (ODA) para sa mga proyekto tulad ng “Build, Build, Build!”. Pumapasok sa mga tagibang na *free trade agreements* (FTA) tulad ng Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP); kakapirma ng Partnership Cooperation Agreement (PCA) katambal ang European Union; at umaasa sa isa pang FTA katambal ang US. Tuluyan nang itinapon ang islogan para sa *independent foreign policy* nang makipag-ayos sa US at makaulayaw si US President Donald Trump. Tuloy-tuloy ang pagpapahintulot sa tropang dayuhan na malayang mag-opereyt sa bansa. Ayon sa mga ulat, may humigit-kumulang 300-500 tropang Amerikano ang permanenteng naka-istasyon sa buong bansa para sa kontra-teroristang opensiba ng US na pinaigting ngayon sa bagong Oplan Pacific Eagle Philippines. Hindi rin pumapalag sa arbitraryong pagtayo ng ibang bansa ng istruktura sa mga pinag-aagawang isla (gaya ng China sa Spratlys). Sa mga internasyonal na pagtitipon tulad ng ASEAN at iba pang pagpapalaot ni Duterte, tumampok ang pagiging *poster-boy* ng populistang lider na tagapamandila ng globalisasyon.

Ang lahat ng ito ay paglulubos na lamang sa apat na dekada ng pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran at hakbanging nagbuyangyang sa ekonomiya ng Pilipinas sa ngalan ng malayang kalakalan at pamilihan.

**Pinapatay na soberanya.** May pagpapatindi rin ng restriksyon sa karapatang-tao sa ilalim ng Cha-Cha. Habang pinalawak ng Saligang Batas ng 1987 ang saklaw ng paggiit ng mamamayan sa kanilang mga karapatan sa pamamagitan ng direktang demokrasya, pinakikitid ito ng RBH No. 08. Ayon dito, ang soberanya ng mamamayang Pilipino ay sa pamamagitan lamang ng pagboto. Pinahihirapan nito ang pagmobilisa laban sa mga di-makatarungang rehimen. Binibigyan din nito ng lisensya ang pederal na Estado na supilin ang anumang “aksyong terorismo” ayon sa nakasaad sa Human Security Act of 2007.

**Paglalako ng pederalismo.** Tungo sa ganap na konsolidasyon ng kapangyarihan at walang-hadlang na pagpapatupad ng mga neoliberal na hakbangin, ang pagsusulong ng pederalismo ay karugtong ng ‘paglilinis’ ni Duterte sa gobyerno ng mga hindi nito kapangkat o kapanalig. Pangunahing kasapakat nito sa mga balak ang Kongreso sa pangunguna ni House Speaker Pantaleon Alvarez. Alaga rin ng administrasyon ang pwersa ng mga

tagapagtanggol nito sa midya at social media na dagling nakikipagtalastasan sa publiko, partikular sa mga kritiko at nag-uulat ng mga independyenteng pagsusuri.

Ayon sa mga tagapagsulong ng pederalismo, malulutas nito ang suliranin sa *patronage politics*, korapsyon, at pag-iral ng mga dinastiya at oligarkiya sa bansa. Pero mas pinakamalamang na lalo pang mapagtitibay kaysa mabubuwag ang mga ito dahil sa patuloy na pag-iral ng kawalang-demokrasya sa politika at ekonomiya. Yayakapin ng naghaharing-uri ang pederalismo dahil bukod sa ekstensyon ng termino sa kapangyarihan, pahihintulutan nitong makabwelo ang mga lokal na burukrata at komprador sa paghuthot ng yaman sa kani-kanilang rehiyon na papalaot sa kumpas ng imperyalistang globalisasyon.

## **7 Ano ang tugon ng mamamayan sa kontra-mahirap at awtoritaryan na opensiba ng gobyernong Duterte?**

Naglalaho ang popularidad ni Duterte sa mata ng anakpawis. Nagkasa ng sunod-sunod na kilos-protesta sa pambansang antas ang mamamayan nitong nagdaang taon sa bawat isyung panlipunan at pang-ekonomiya. Tumampok ang mga kampuhan ng pambansang minorya, manggagawa, maralita, magsasaka, manggagawang-bukid, at iba pang sektor mula sa iba't ibang panig ng bansa. Bumuhos ang ilan hanggang sa puo-puong libo sa lansangan, habang kinakatawan ang mga bagong-buong organisasyon, samahan, at alyansa para sa reporma sa lupa, kapayapaan, laban sa lansakang paglabag sa mga karapatang-tao, laban sa tiranya, at nitong huli lamang, para sa kalayaan sa pamamahayag.

Sa gabay ng mga imperyalistang amo nito, balak ng administrasyon at mga kasapakat nito na pag-ibayuhin pa ang opensiba laban sa mga naninindigan para sa kanilang buhay, kabuhayan, at karapatan. At aninag ito ng mamamayan.

Tangan ng mamamayan ang mga aral ng pagpapalayas sa diktadurya at ilan pang sumunod na kilusang talsik. Tuloy-tuloy na sinusuong ang pagmumulat,

pag-oorganisa, at pagpapakilos nang nasasandatahan din ng mga nabuong pagkakaisa mula sa matamang paggagap ng mga ispesipiko at komon na karanasan ng iba't ibang sektor ng lipunan. Mahahalagang produkto ng mga ito ang People's Agenda for Change ng mga demokratikong organisasyon na naglalaman ng mga kongkretong suhestyon para sa pagbabago. Komprehensibong sanggunian din ang mga probisyon ng borador ng Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms na inihapag ng rebolusyonyong pwersa sa gobyernong Duterte.

Malaking hamon ngayon sa sambayanan ang ibayong pagpapalakas sa larangan ng mas malalim na paggagap sa kalagayan ng lipunan at ekonomiya, at sa pakikibaka. Magiging mahalagang sandata ito sa pagpukaw at paghalina sa dagdag pang mga kaibigan at prospektibang kapanalig mula sa mga hindi pa napupuntahang tahanan, komunidad, bukid, paaralan, pagawaan, opisina, simbahan, tipunan, at iba pa. Dagdag sa pagpapalakas ng pwersa, magsisilbing tunay na kalasag ng mamamayan ang pagpapalapad ng nagkakaisang hanay para sa dumarami at lumalakas na tinig at bisig na gagapi sa namumuong diktadurya.

